# Pagaayuno Yugto 12

"12 Gayon ma'y ngayon, sabi ng Panginoon, magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may pananangis, at may pananambitan:13 At papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan. 14 Sinong nakakaalam kung siya'y hindi magbabalik-loob, at magsisisi, at magiiwan ng isang pagpapala sa likuran niya, ng handog na harina, at ng inuming handog sa Panginoon ninyong Dios?15 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan;16 Tipunin ninyo ang bayan, banalin ang kapisanan, pisanin ang mga matanda, tipunin ang mga bata, at yaong mga pasusuhin; lumabas ang bagong kasal na lalake sa kaniyang silid, at ang bagong kasal na babae sa kaniyang silid. 17 Manangis ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios?" (Joel 2:12-17)

Ang propetang si Joel dito sa talatang ito ay nagdadala ng mensahe ng Panginoon sa Kanyang bayan. Tinatawag Niya ang buong bansa para magsisi. Sinasabi Niya sa Kanyang bayan. "magsipanumbalik kayo sa akin ng inyong buong puso, na may pagaayuno, at may pananangis, at may pananambitan:13 At papagdalamhatiin ninyo ang inyong puso, at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan." (Joel 2:12-13) Ang pagsisisi ay pagtalikod sa kasalanan pagbalik sa Panginoon ng buong puso. Ang pagaayuno at pananangis dito ay para ipahayag ng mga tao ang tunay na pagsisi mula sa kalaliman ng kanilang mga puso patungo sa Diyos. Ang pagaayuno dito ay hindi isang kinagawian o tradisyonal na bagay na ginagawa ng mga tao, kundi pagpapahayag ng kanilang tunay na pagsisi at kapighatian para sa mga kasalanan na kanilang ginawa laban sa Diyos.

Sa parehong paraan sariin ngayon ang iyong mga paraan, bumalik sa Diyos sa pagsisisi, talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan, ang nakatago at nakalantad at linisin ang iyong sarili at bumalik sa Diyos.

Ang galit ng Diyos at poot ng Diyos ay ipapadala kapag ang mga tao ay nabubuhay sa kasalanan at binalewala ang Salita ng Diyos at binalewala ang paulit-ulit na babala na ipinapadala ng Diyos sa Kanyang bayan. Si Joel na propeta ay nagsusumamo sa kaisipan ng mga tao na magsisi ng tapat, upang ang Panginoon ay pakinggana at patawarin at maglubag loob mula sa pagpapadala ng mga kalamidad;
"at hindi ang mga damit ang inyong hapakin, at kayo'y magsipanumbalik sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't siya'y maawain at puspos ng kahabagan, banayad sa pagkagalit, at sagana sa kagandahang-loob, at nagsisisi siya sa kasamaan.14Sinong nakakaalam kung siya'y hindi magbabalik-loob, at magsisisi, at magiiwan ng isang pagpapala sa likuran niya, ng handog na harina, at ng inuming handog sa Panginoon ninyong Dios?" (Joel 2:13-14)

"14 Sinong nakakaalam kung siya'y hindi magbabalik-loob, at magsisisi, at magiiwan ng isang pagpapala sa likuran niya, ng handog na harina, at ng inuming handog sa Panginoon ninyong Dios?" (Joel 2:14) Ang propetang si Joel ay sinabi sa mga tao kung ikaw ay tunay na nagsisisi maaring baguhin ng Panginoon ang Kanyang kaisipan at bumalik sayo at iwan ang pagpapala na tutulomg sayo at makapagbigay ng mga handog sa Diyos. Sa parehong paraan kapag ikaw ay tunay na nagsisi sa iyong mga kasalanan, ang Panginoon ay maaring baguhin ang Kanyang kaisipan at pagpapalain ka Niya at pagpapalain ang iyong kita at ibibigay ang iyong sahod at ang lahat ng na pinagkukunan na maaring tumulong sayo at makayanan mong dalhing muli ang iyong ikapu, ang iyong mga handog at ang iyong unang bunga sa Panginoon. Maraming mga tao pagkatapos magsisi sa kanilang mga maling ginawa, makikita nilang muli ang kanilang sarili na pinagpapala ng Panginoon sa paraan ng muling pagbuti sa kanilang pananalapi at ang materyal na kagalingan ay naibalik.

Ang Salita ng Diyos sa Joel 2:1-11 ito'y nagsasalarawan ng sakuna na ipinadala ng Panginoon upang disiplinahin at parusahan ang Kanyang bayan kung sila'y hindi magsisi gaya ng ating mababasa rito: "1Hipan ninyo ang pakakak sa Sion, at mangagpatunog kayo ng hudyat sa aking banal na bundok; manginig ang lahat na mananahan sa lupain: sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dumarating, sapagka't malapit na;2 Araw ng kadiliman at ng pagkukulimlim, araw ng mga ulap at ng pagsasalimuot ng dilim, gaya ng liwayway na namumukadkad sa mga bundok; isang malaking bayan at matibay; hindi nagkaroon kailan man ng gaya niyaon, ni magkakaroon pa man pagkatapos ng mga yaon, hanggang sa mga taon ng maraming sali't saling lahi.3 Isang apoy ang sumusupok sa harap nila; at sa likuran nila'y isang liyab ang sumusunog: ang lupain ay parang halamanan sa Eden sa harap nila, at sa likuran nila'y isang sirang ilang; oo, at walang nakatanan sa kanila.4 Ang anyo nila ay parang anyo ng mga kabayo; at kung paano ang mga mangangabayo, gayon sila nagsisitakbo. 5 Parang ingay ng mga karo sa mga taluktok ng mga bundok nagsisilukso sila, parang hugong ng liyab ng apoy na sumusupok sa dayami, parang isang matibay na bayan na humahanay sa pagbabaka.6 Sa kanilang harapan ay nangahihirapan ang mga bayan; lahat ng mukha ay nangamumutla.7 Sila'y nagsisitakbong parang mga malakas na lalake; sila'y nagsisipagalambitin sa kuta na parang mga lalaking mangdidigma; at sila'y nagsisilakad bawa't isa ng kanikaniyang mga lakad, at hindi nila binabago ang kanilang mga hanay.8 Ni nagtutulakan mang isa'y isa; sila'y lumalakad bawa't isa sa kanikaniyang landas; at sila'y magsisisagupa sa mga almas, at hindi sila malalansag.9 Kanilang nilulukso ang bayan; kanilang tinatakbo ang kuta; kanilang pinagaalambitinan ang mga bahay; sila'y nagsisipasok sa mga dungawan na parang magnanakaw.10 Ang lupa ay nayayanig sa harap nila; ang langit ay nanginginig; ang araw at ang buwan ay nagdidilim at itinitigil ng mga bituin ang kanilang kislap:11 At pinatutunog ng Panginoon ang kaniyang tinig sa harap ng kaniyang hukbo; sapagka't ang kaniyang kampamento ay totoong malaki; sapagka't malakas na nagsasagawa ng kaniyang salita; sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dakila at totoong kakilakilabot; at sinong makatatahan?" (Joel 2:1-11) Narito ang Salita ng Diyos ay nagsasalita ng tunay na pagdating ng paghatol ng Panginoon laban sa mga sumuway sa Kanyang Salita at sa Kanyang kautusan tumanggi sa babala. Dito ang paghatol ng Diyos ay sa pagpapadala ng mga balang sa mga bayan at sa mga bukirin ng mga sumusuway. Ang mga

balang ay darating ng may isang malakas na hugong, ang tinig ng mga kuyog ng mga balang, at sa kadiliman dahil sa kapal ng mga kuyog ng balamg ang araw at buwan ay matatakpan at ang kanilang mga liwanag ay maitatago mula sa paningin. Ang mga kuyog ng Balang ay darating kagaya ng mga hukbo ng mga kaaway na wawasak at sila'y katulad ng apoy na sisirasa lahat ng luntiang mga bukirin at mga halaman. Bago sila dumating sa lupa sa harapan nila ay katulad ng Halamanan ng Eden, ngunit sa likod nila sila'y mag-iiwan ng tiwangwang na ilang. Sila ay may larawan ng mga kabayo at mangangabayo at sila magbibigay ng ingay katulad ng hugong ng mga karwahe. Bago sila ang mga tao ay labis na namighati dahil sa kaguluhan na sila'y pinahirapan ng mga pananim at ng mga halaman at ang malaking pinsala na sila'y pinahirapan ng ekonomiya at sa pang- araw-araw na kitnikita ng mga tao. Ang mga balang ay pupunta at aakyat sa mga dingding at walang makakapigil sa kanila. Sila'y aakyat paataa sa mga bahay; sila'y makakapasok sa pamamagitan ng mga bintana kagaya ng magnanakaw at sila'y makakabot kahit saan. Sila ay babagsak sa tabak ngunit hindi sila mamatay. Ang ganoong kaaway ay hindi kayang labanan, ay siguradong magbibigay ng kaguluhan dahil ito ay ipinadala ng Diyos upang disiplinahin ang Kanyang bayan at ibalik sila sa Kanya. Ang katulad ng ginagawa ng Diyos kahit sa ngayon sa Kanyang simbahan at sa Kanyang bayan upang ituwid sila na magsisi at ibalik sila sa Kanya.

"10 Ang lupa ay nayayanig sa harap nila; ang langit ay nanginginig; ang araw at ang buwan ay nagdidilim at itinitigil ng mga bituin ang kanilang kislap:11 At pinatutunog ng Panginoon ang kaniyang tinig sa harap ng kaniyang hukbo; sapagka't ang kaniyang kampamento ay totoong malaki; sapagka't malakas na nagsasagawa ng kaniyang salita; sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dakila at totoong kakilakilabot; at sinong makatatahan?" (Joel 2:10-11) Narito ipinapakita ng Diyos na ang laki ng hukbong ito ay sa pagitan ng Langit at ng lupa at ang kanilang ingay ay ang tinig ng Diyos bago ang Kanyang hukbo sapagkat Siya ay malakas na magsasagawa ng Kanyang Salita: sapagka't ang araw ng Panginoon ay dakila at napaka kakilakilabot laban sa mga makasalanan; at sino ang makakalaban dito.

Ang pareho sa kalagayan ngayon kapag ang Panginoon ay nagpadala ng taggutom, tagtuyot, salot at pandemya na kakain sa lahat ng kinita ng mga tao at wawasak sa ekonomiya ng lupa. Ang Panginoon ang magpapahirap sa ganyang kalamidad ng ekonomiya upang pilitin ang mga tao na ibalik sila sa pagsisisi.

Nang natanggap ni Joel ang ganoong propesiya at ang kaguluhan ay dumating tinawag niya ang buong mga tao na magsisi upang makatakas sa dakilang paghatol. "15 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan;
16 Tipunin ninyo ang bayan, banalin ang kapisanan, pisanin ang mga matanda, tipunin ang mga bata, at yaong mga pasusuhin; lumabas ang bagong kasal na lalake sa kaniyang silid, at ang bagong kasal na babae sa kaniyang silid." (Joel 2:15-16) Tinawag niya ang lahat ng mga tao ng kapisanan, ang matatanda, ang mga bata, ang mga sumususo, at wala ni isang ligtas kahit ang mga bagong mag-asawa, ang kasintahang lalaki at ang kasintahang babae, upang ipahayag ang isang pagaayuno para sa layuning ito.

"17 Manangis ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios?" (Joel 2:17) Tinawag dito ni Joel ang mga pari, ang mga naglilingkod sa Diyos. Sa Bagong Testamento, ayon kay Apostol Pedro tayo na nanampalataya kay Cristo ay ang maharlikang saserdote gaya ng ating babasahin dito, "Datapuwa't kayo'y isang lahing hirang, isang makaharing pagkasaserdote, bansang banal, bayang pag-aaring sarili ng Dios, upang inyong ipahayag ang mga karangalan niyaong tumawag sa inyo mula sa kadiliman, hanggang sa kaniyang kagilagilalas na kaliwanagan:" (1 Pedro 2:9) Kaya sa ganitong kalagayan sa bawat isa sa atin ay may pananagutan para sa mga kalamidad na ipinapadala ng Diyos upang disiplinahin ang Kanyang bayan. Ang ating pananagutan bilang mga pari ng Diyos ay hindi lamang na hindi tayo magkakasala sa Diyos kundi kailangan nating babalaan ang iba at ituwid sila at tulungan sila na magbalik sa Diyos sa pagsisisi. Gayundin tinawag tayo upang manalangin at mamagitan gaya ng ating babasahin dito: "17 Manangis ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios?" (Joel 2:17) Kailangan nating manangis sa Diyos upang iligtas ang Kanyang bayan at ingatan sila mula sa mga kaguluhan upang ang Kanyang pangalan ay hindi masisi ng mga hitano, na namamahala sa kanila at sinasaway sila at sabihin sa kanila, Nasaan ang iyong Diyos?

"1 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion, at mangagpatunog kayo ng hudyat sa aking banal na bundok; manginig ang lahat na mananahan sa lupain: sapagka't ang kaarawan ng Panginoon ay dumarating, sapagka't malapit na;" (Joel 2:1) Sinalita dito ni Joel ang tungkol sa araw ng Panginoon. Ang araw ng Panginoong ito ay maaring tumukoy sa pakikialam ng Diyos sa kasaysayan at dalhin ang pagbabago sa Kanyang paghatol. Pati, nangangahulugan ito ng pangalawang pagparito ni Cristo gaya ng mababasa natin sa 1 Tesalonica 5:2 "2 Sapagka't kayo rin ang mga lubos na nangakakaalam, na ang pagdating ng kaarawan ng Panginoon ay gaya ng magnanakaw sa gabi."

Ang mensahe ni Joel sa mga tao ay isang buong pusong pagsisisi. Kaya't mula sa inaasam-asam , sa gayon ang araw ng Panginoon ay may dalawang mga bahagi: 1. Kaparusahan sa kasalanan 2. Kapayapaan at kasaganaan para sa nagsisising bayan ng Diyos.

Sa parehong paraan ngayon para sayo: Ang paghatol ng Diyos ay magdadala ng kaparusahan sa iyong kasalanan o kapayapaan at kasaganan sa paggantimpala para sa iyong pagsisisi.

Sinasabi ni Joel sa kanila at sinasabi sa atin ngayon, "15 Hipan ninyo ang pakakak sa Sion: magsipangilin kayo ng isang ayuno, magsitawag kayo ng isang takdang kapulungan; " (Joel 2:15) upang ihanda ang bayan ng Diyos, ang Kanyang simbahan na mapasa presensya ng Diyos kasama ng mga matatanda, at ang lahat ng mga kasapi kabilang ang mga bata, at ang mga nagpapasuso. Tinatawag

sila ng Diyos upang italaga ang kapulungan na ang lahat ay dapat magsisi at bumalik sa Panginoon. Upang magtalaga ng pagaayuno ibig sabihin totoong pagsisisi ay ang saligan ng kanilang pagaayuno.

Lumabas ang bagong kasal na lalake sa kaniyang silid, at ang bagong kasal na babae sa kaniyang silid: Wala maidadahilan at ibubukod kahit ang bagong mag-asawa, kailangan nilang pumunta sa pananangis at pag-iyak sa Diyos. Manangis ang mga seserdote, ang namumuno ng simbahan na nagmiministerio sa harapan ng Panginoon, manangis at sila'y magsisi at hinggin sa Diyos ang kapatawaran ng kanilang mga kasalanan at ang kasalanan ng mga taong nasa ilalim ng kanilang pangangalaga.

Ito ang magiging hiyaw ng mga pari at iyon ang dapat ipanalangin at ipanangis ng mga namumuno ng simbahan sa Diyos: "Manangis ang mga saserdote, ang mga tagapangasiwa ng Panginoon, sa pagitan ng portiko at ng dambana, at kanilang sabihin, Maawa ka sa iyong bayan, Oh Panginoon, at huwag mong ibigay ang iyong bayan sa kakutyaan, na ang mga bansa baga'y magpuno sa kanila: bakit nila sasabihin sa gitna ng mga bayan, Saan nandoon ang kanilang Dios?" (Joel 2:17)

Ang totoong pagsisisi ay magdadalang muli ng mga pagpapala ng Panginoong gaya ng ating mababasa rito:

"18Noong ang Panginoon ay naging masikap sa kanilang lupain, at nahabag sa kaniyang bayan.19At ang Panginoon ay sumagot, at nagsabi sa kaniyang bayan, Narito, ako'y magdadala sa inyo ng trigo, at alak, at langis, at inyong kabubusugan; at hindi ko na gagawin pa kayo na kakutyaan sa gitna ng mga bansa;20Kundi aking ihihiwalay na malayo sa inyo ang hukbo sa hilagaan, at aking itataboy siya sa isang lupaing basal at sira, ang kaniyang unaha'y sa dagat silanganan, at ang kaniyang pinakahuling bahagi ay sa dagat kanluran; at ang kaniyang baho ay aalingasaw, at ang masamang amoy ay iilanglang, sapagka't siya'y gumawa ng mga malaking bagay.21Huwag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matuwa at magalak; sapagka't ang Panginoon ay gumawa ng dakilang mga bagay. 22Huwag kayong mangatakot, kayong mga hayop sa parang; sapagka't ang mga pastulan sa ilang ay lumalago, sapagka't ang punong kahoy ay nagbubunga, ang puno ng higos at ang puno ng ubas ay nagbubunga.23Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at mangagalak sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan, sa unang buwan.24At ang mga lapag ay mangapupuno ng trigo, at ang mga kamalig ay aapawan ng alak at langis.25At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang, ng uod, at ng kuliglig, at ng tipaklong na siyang aking malaking hukbo, na aking sinugo sa gitna ninyo.26At kayo'y magsisikaing sagana, at mangabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng Panginoon ninyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa inyo; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya kailan man.27At inyong malalaman na ako'y nasa gitna ng Israel, at ako ang Panginoon ninyong Dios, at wala nang iba; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya magpakailan man. 28At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain:29At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu.30At ako'y magpapakita ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa, dugo, at apoy, at mga haliging usok.31Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon.32At mangyayari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas, sapagka't sa bundok ng Sion at sa Jerusalem doroon yaong nangakatanan, gaya ng sinabi ng Panginoon, at sa nangalabi ay yaong mga tinatawag ng Panginoon." (Joel 2:18-32)

"18 Noong ang Panginoon ay naging masikap sa kanilang lupain, at nahabag sa kaniyang bayan." (Joel 2:18) Ang Panginoon ay muling nagkaroon ng paninibugho para sa Kanyang lupain at nahabag sa Kanyang bayan na nagsisi at ibinalik sa kanila ang Kanyang mga pagpapala, "19At ang Panginoon ay sumagot, at nagsabi sa kaniyang bayan, Narito, ako'y magdadala sa inyo ng trigo, at alak, at langis, at inyong kabubusugan; at hindi ko na gagawin pa kayo na kakutyaan sa gitna ng mga bansa;" (Joel 2:19) Panunumbalikin Niya ang mga nagsisi. Bilang ikaw ay nagdesisyong bumalik sa Panginoon, mayroong mabuting plano para sayo mula sa Panginoon, panunumbalikin ka Niya at sisimulan Niya na itayo kang muli ng Kanyang pag ibig at ng Kanyang biyaya at hindi ka magiging kakutyaan sa iba.

"20 Kundi aking ihihiwalay na malayo sa inyo ang hukbo sa hilagaan, at aking itataboy siya sa isang lupaing basal at sira, ang kaniyang unaha'y sa dagat silanganan, at ang kaniyang pinakahuling bahagi ay sa dagat kanluran; at ang kaniyang baho ay aalingasaw, at ang masamang amoy ay iilanglang, sapagka't siya'y gumawa ng mga malaking bagay." (Joel 2:20) Ipinahayag ng Diyos dito na ihihiwilay Niya ang mga hukbo ng mga kuyog ng mga balang na naminsala sa mga tao. Bilang ikaw ay nagsisi at bumalik sa Panginoon, sa gayon aalisin niya sayo ang mga peste at mga salot na naminsala sayo at patuloy na nanakit sayo, at ilalayo sila ng Diyos mula sayo. Magtiwala sa Diyos at magkaroong kumpiyansa sa Kanya na ililigtas ka Niya mula sa ganyang pang-ekonimiyang kaguluhan bilang ikaw ay nagsisi. Tunay na ikaw ay ililigtas ng Diyos mula sa mga kaaway ng kagilagilalas. "21 Huwag kang matakot, Oh lupain, ikaw ay matuwa at magalak; sapagka't ang Panginoon ay gumawa ng dakilang mga bagay." (Joel 2:21)

"22 Huwag kayong mangatakot, kayong mga hayop sa parang; sapagka't ang mga pastulan sa ilang ay lumalago, sapagka't ang punong kahoy ay nagbubunga, ang puno ng higos at ang puno ng ubas ay nagbubunga." (Joel 2:22) Narito ibinabalik ng Diyos ang pagpapala, ang pagkain, ang mga bunga ng mga punongkahoy, ang mga palay, at ang luntiang pastulan. Gaya ng ikaw ay nagsisi ibabalik sa iyo ng Diyos ang nawala sa iyo noon.

"23 Kayo nga'y mangatuwa, kayong mga anak ng Sion, at mangagalak sa Panginoon ninyong Dios; sapagka't kaniyang ibinibigay sa inyo ang maagang ulan sa tapat na sukat, at kaniyang pinalalagpak ang ulan dahil sa inyo, ang maagang ulan at ang huling ulan, sa unang buwan." (Joel 2:23) Inutusan ng Diyos ang Kanyang bayan dito na mangatuwa at mangalak sapagkat Kanyang ibinigay sa kanila ang ulan na didilig sa kanilang mga lupain at muli'y magkakaroon ng pag-aani na kanilang kailangan upang tustusan ang kanilang buhay.

"24 At ang mga lapag ay mangapupuno ng trigo, at ang mga kamalig ay aapawan ng alak at langis." (Joel 2:24) Pinanumbalik ng Diyos sa kanila ang mga trigo na kanilang kailangan sa kanilang tinapay. Ang alak at ang langis ay ang Banal na Espiritu sa kanilang buhay. Ibabalik sa iyo ng Diyos bilang ikaw ay nagsisi sa pang araw-araw na tinapay na iyong kailangan para sa iyong pang araw-araw na pamumuhay at kalakasan. Ibibigay din ng Diyos sa iyo ang alak at langis , at iyon ay ang Banal na Espiritu sa iyong buhay.

"25 At aking isasauli sa inyo ang mga taon na kinain ng balang, ng uod, at ng kuliglig, at ng tipaklong na siyang aking malaking hukbo, na aking sinugo sa gitna ninyo." (Joel 2:25) Ipinangako ng Diyos dito na isasauli sa kanila ang mga taon na sila'y nagdusa nawalan at isasauli Niya ang mga nawalang ito pabalik sa kanila ng ganap. Ibabalik sa iyo ng Diyos ng lubos ang lahat ng nawala na nagpahirap sayo sa nakaraan.

"26 At kayo'y magsisikaing sagana, at mangabubusog, at inyong pupurihin ang pangalan ng Panginoon ninyong Dios, na gumawa ng kababalaghan sa inyo; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya kailan man." (Joel 2:26) Ipinangako ng Diyos dito na ipapadala Niya sa kanila ang kasaganaan upang makakain at masiyahan, at mula sa kanilang kagalakan kanilang pupurihin ang pangalan ng Panginoong Diyos na gumawa ng mga himala at kababalaghan na ginawa niya sa iyong buhay. Bilang ikaw ay nagsisi at bumalik sa Panginoon, ibibigay Niya sa iyo ang iyong kailangan at mabubuhay kang muli sa kasaganaan, at ibabalik sa iyo kung ano ang kinuha sa iyo ng kaaway. Gagawa ang Diyos ng kahanga-hangan at kagilagilalas na mga bagay para sayo.

"27 At inyong malalaman na ako'y nasa gitna ng Israel, at ako ang Panginoon ninyong Dios, at wala nang iba; at ang aking bayan ay hindi mapapahiya magpakailan man." (Joel 2:27) Ipinangako ng Diyos dito na ang Kanyang bayan ay babalik sa Kanya sila'y hindi mapapahiya. Sa parehong paraan ikaw ay itataas ng Diyos bilang ikaw ay lumapit sa Kanya sa pagsisisi at ikaw ay hindi mapapahiya.

"28 At mangyayari pagkatapos, na ibubuhos ko ang aking Espiritu sa lahat ng laman; at ang inyong mga anak na lalake at babae ay manganghuhula, ang inyong mga matanda ay magsisipanaginip ng mga panaginip, ang inyong mga binata ay mangakakakita ng mga pangitain:29 At sa mga lingkod na lalake at babae naman ay ibubuhos ko sa mga araw na yaon ang aking Espiritu." (Joel 2:28-29) Isinalarawan dito ni Joel ang pagbuhos ng Banal na Espiritu sa mga tao ng Diyos. Bilang ikaw ay bumalik sa Diyos sa pagsisisi ikaw ay puspusin Niya ng Banal na Espiritu at ikaw ay bibigyan ng mga kaloob ng Banal Espiritu para maglingkod sa Diyos at abutin ang bagong mga tao at sabihin sa kanila ang tungkol sa Diyos.

"30 At ako'y magpapakita ng mga kababalaghan sa langit at sa lupa, dugo, at apoy, at mga haliging usok. 31 Ang araw ay magiging kadiliman, at ang buwan ay dugo, bago dumating ang dakila at kakilakilabot na kaarawan ng Panginoon.32 At mangyayari na ang sinomang tumawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas, sapagka't sa bundok ng Sion at sa Jerusalem doroon yaong nangakatanan, gaya ng sinabi ng Panginoon, at sa nangalabi ay yaong mga tinatawag ng Panginoon." (Joel 2:30-32) Isinalarawan dito ni Joel ang pangyayari ng pangalawang pagparito ng Cristo. Kapag si Cristo ay bumalik sa gayon iyon ang panahon ng huling paghuhukom. Bilang ikaw ay nagsisi at bumalik sa Panginoon sa pagtalima sa lahat ng Kanyang kautusan at alintuntunin sa gayon ikaw ay nakatalaga at handa na mapasa amin sa pangalawang pagdating ng Panginoon. Matatakasan natin ang mga kapighatian na hinahayaan ng Panginoon na dumating sa mga masuwayin at ang Panginoon ang mag aalis ng lahat ng kakila-kilabot na panahon na darating sa lupa at tayo'y mapapasa Kanya magpakailanman.

Sa aking mahal at minamahal: Ang pag-aayuno ay dapat nakikita ang tunay at makahulugang pagsisisi. Iyon ang hinahanap ng Panginoon upang makita sa iyong buhay, upang ikaw ay lubos na panumbalikin sa pagpapala ng Diyos, sa plano ng Diyos at maging handa kasama namin sa pagparito ni Jesus.

Tayo ay manalangin: Amang Diyos ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan sa krus at nabuhay mula sa kamatayan upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon salamat sa iyong Salita na ipinakita sa akin ang mga bagay na malinaw sa aking buhay.

Ipagtapat at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan at pagsuway. Panginoon ako'y nagsisi mula sa sumusunod na mga kasalanan.

Ako'y bumabalik sayo, ibalik mo ako Panginoon at panumbalikin ako sa iyong mabuting plano at ihanda akong maging handa sa iyong pangalawang pagdating.

Panginoon salamat sa iyo para sa aking mga kapatiid na Lalaki at Babae na bumalik sayo at kung sino ang sumuko sa iyong kaloob ban. Panginoon panumbalikin mo sa kanila ang lahat ng pagpapala na iyong itinalaga sa kanilang buhay. Panginoon pusposin mo sila ng Banal na Espiritu at ibigay sa kanila ang espirituwal na mga kaloob na kailangan nilang pumunta at maglingkod sayo.

Panginoon ako'y nanalangin para sa amin bilang isang simbahan na maging tagagawa ng iyong Salita at upang tuparin ang mga gawain na iyong itinawag sa amin upang gawin para sa iyo. Panginoon sagutin ang aming panalangin at pag aayuno. Panginoon protektahan kami at iligtas kami mula sa masama at manguna ka sa amin at labanan ang aming mga pakikibaka. Panginoon habang kami'y nagsisisi sa lahat at bumalik sayo, panumbalikin sa amin ang mga pagpapala ng lubos at ibalik sa amin ang lahat ng kinuha ng mga balang sa amin. Panginoon pusposin kaming muli ng iyong Banal na Espiritu at bigyan kami ng mga espirituwal na mga kaloob na kailangan namin sa aming buhay. Panginoon paging dapatin kaming makapagtanim ng maraming pag-aaral ng Bibliya at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at iligyas kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang pagpapala ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com